Unang Edisyon

# iSangLahi 4

## Ang Bansang Pilipinas




Online Offline MATERIALS

DepED K-12 PROGRAM ALIGNED

Teachers Manual

# Yunit 1: Ang Aking Bansa

## Aralin 1: Pagkilala sa Bansang Pilipinas

### MGA LAYUNIN SA PAG-AARAL

- Natatalakay ang konsepto ng bansa.
- Nakapagbibigay ng halimbawa ng bansa.
- Naiisa-isa ang mga katangian ng bansa.
- Nakapagbubuo ng kahulugan ng bansa.

### PAUNLARANG GAWAIN

**Mga Paghahandang Gawain**

1. **Mga Karaniwang Gawain**
    - Panalangin at Pagcheck sa attendance.
2. **Pagsusuri/Balik-aral (mga mungkahi)**
    - Ipakilala ang sarili at kilalanin ang mga mag-aaral.
3. **Mga maaaring gamiting motibasyon (mga mungkahi)**
    - Ilarawan sa mga mag-aaral ang apat na elemento ng pagkabansa.

**Presentasyon ng Aralin**

Talakayin ang aralin gamit ang mapagkukunang **iPresentation** na matatagpuan sa loob ng interactive na courseware upang mapadali ang pag-aaral sa **PAHINA 2-7**. Bigyan ang mga mag-aaral ng pagsasanay sa pagsasanay o mga katanungan.

### PAGBUBUOD

Pamunuan ang mga mag-aaral sa pagtukoy na:

- Ang bansa ay isang lugar o teritoryo na may naninirahang mga pangkat ng tao na magkakatulad ang kultura, wika, relihiyon, lahi, pangkat-etniko, at kasaysayan.
- Ang isang bansa ay maituturing na bansa kung ito ay binubuo ng apat na elemento ng pagkabansa—tao, teritoryo, pamahalaan, at ganap na kalayaan o soberanya.
- Ang Pilipinas ay isang bansa dahil may mga naninirahan ditong mga tao, may sariling teritoryo, pamahalaan, at may ganap na kalayaan na kinikilala ng buong daigdig.

### IKA-UNANG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain A** ng interactive na courseware.

**Mga Sagot:**

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Tama

## IKALAWANG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain B** ng interactive na courseware.

**Mga Sagot:**

*Maaring magkakaiba ang mga sagot.*

## IKATLONG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain C** ng interactive na courseware.

**Mga Sagot:**

*Maaring magkakaiba ang mga sagot.*

## TAKDANG-ARALIN

Ipagawa sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na gawain bilang takdang-aralin:

1. Ano-ano ang mga pangunahing direksyon?
2. Gumuhit ng *compass* na may mga pangunahing direksyon.
3. Ano naman ang mga pangalawang direksyon.
4. Gumuhit ng *compass* na may mga pangalawang direksyon.